

Paglilingkod sa Layunin ng Dios Yugto 5

Maging Matalino sa Paraan ng Iyong Pagtugon sa mga Iba

“5 Magsilakad kayo na may karunungan sa nangasa labas, na inyong samantalahin ang panahon. 6 Ang inyong pananalita nawa'y laging may biyaya, na magkalasang asin, upang inyong maalaman kung ano ang nararapat ninyong isagot sa bawa't isa.”
(Colosas 4:5-6 KJV)

Si David ay matalino sa paraang humarap siya sa mga di naniniwala. Tumakas si David mula kay Saul dahil nais patayin ni Saul siya. Pumunta siya kay Achis hari ng Gath. Doon kumilos siya ng matalino patungo sa mga di naniniwala upang protektahan ang kanyang sarili at isulong ang layunin ng Dios: ***“10 At tumindig si David, at tumakas nang araw na yaon dahil sa takot kay Saul, at naparoon kay Achis na hari sa Gath. 12 At sinabi ng mga lingkod ni Achis sa kaniya, Hindi ba ito'y si David na hari sa lupain? Hindi ba pinagaawitanan siya sa mga sayaw, na sinasabi, Pinatay ni Saul ang kaniyang libolibo, At ni David ang kaniyang laksalaksa? 12 At iningatan ni David ang mga salitang ito sa kaniyang puso, at natakot na mainam kay Achis na hari sa Gath. 13 At kaniyang binago ang kaniyang kilos sa harap nila at nagpakunwaring ulol sa kanilang mga kamay, at nagguhit sa mga pinto ng pintuang-daan, at pinatulo ang kaniyang laway sa kaniyang balbas. 14 Nang magkagayo'y sinabi ni Achis sa kaniyang mga lingkod, Narito, tingnan ninyo ang lalake ay ulol: bakit nga ninyo dinala siya sa akin? 15 Kulang ba ako ng mga ulol, na inyong dinala ang taong ito upang maglaro ng kaululan sa aking harapan? papasok ba ang taong ito sa aking bahay?”*** (1 Samuel 21:10-15 KJV) **Kung** nasaan ka man, kailangan mong kumilos nang matalino sa mga nakapalibot sa iyo; huwag buksan ang mga gawa ng Dios sa mga di mananampalataya, kundi maging matalino sa pagtatago ng mga agwa ng Dios na hindi dapat sabihin o ilantrad sa mga kaaway, sa mga gumagawa kasam ng diablo.

Nagkunwari si David na galit upang walang sinumang tumingin sa kanya. Gayundin nagkunwari siyang galit upang ipagpatuloy ang gawaing misyon na ginagawa niya para sa Panginoon. Kumilos nang matalino si David para sa Dios, upang marating ang iba't ibang lugar at gawin ang sinabi ng Dios sa kanya, habang ang mga paningin ng mga kaaway ay hindi nakatingin sa kanya. ***“8 At umahon si David at ang kaniyang mga lalake, at sinalakay ang mga Gesureo, at ang mga Gerzeo, at ang mga Amalecita; sapagka't ang mga yaon ay dating nangananahan sa lupain, mula nang gaya ng kung ikaw ay paroroon sa Shur, hanggang sa lupain ng Egipto. 9 At sinaktan ni David ang lupain, at walang iniligtas na buhay kahit lalake o babae man, at dinala ang mga tupa at ang mga baka, at ang mga asno, at ang mga kamelyo, at ang mga kasuutan; at siya'y bumalik, at naparoon kay Achis. 10 At sinabi ni Achis, Saan kayo sumalakay ngayon? At sinabi ni David, Laban sa Timugan ng Juda, at laban sa Timugan ng mga Jerameeliteo, at laban sa Timugan ng mga Cineo. 11 At walang iniligtas na buhay si David kahit ng lalake o ng babae man, upang dalhin sa Gath, na sinasabi, Baka sila'y magsumbong laban sa atin, na sabihin, Ganoon ang ginawa ni David, at ngayon ang kaniyang paraan sa buong panahon na kaniyang itinahan sa lupain ng mga Filisteo.”*** (1 Samuel 27:8-11 KJV) **Huwag ilantad ang mga gawain ng Dios patungo sa mga hindi naniniwala at huwag ibunyag ang lihim ng Dios sa sinuman sa mga hindi naniniwala na kasama mo at sa nakapalibot sa iyo.**

Ito ang mga paraan at gawi ni David na dapat gawin ng bawat mangagawa kasama ka. Kumilos si David ng matalino hindi lamang sa hari at sa bayan ng Gath. Siya rin ay matinong sa pagtapos ng bawat misyon na kanyang hinarap. Ganap niyang nilipol ang mga lalaki at babae sa bawat lugar kung saan inutusan siya ng Dios na lumusob. At sa ganap na pagsasakatuparan ng misyon, pinoprotektahan niya rin ang kanyang sarili mula sa anumang bitag ng mga kaaway. **Sa parehong paraan, ikaw ay tinawag na ganap na tapusin ang misyon na ipinagkatiwala sa iyo ng Diyos. Dapat mo itong gawin nang wasto upang ikaw ay maging ligtas at protektado.** Sinabi ni Jesus, ***“16 Narito, sinusugo ko kayong gaya ng mga tupa sa gitna ng mga lobo: mangagpakatalino nga kayong gaya ng mga ahas at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati.”*** (Mateo 10:16 KJV) **Sa paglilingkod sa Dios kailangan mong napaka talino sa mga di naniniwala. Hindi kailangang sabihin ang lahat na nais mong gawin sa mga taong nakapaligid sa iyo. Planuhin mo sa iyong isip at pantililing pigilin ang iyong bibig. Ang pagmamalaki at pagyayabang ay maari lamang maglantad sa iyo sa mga panganib at banta. Gayundin, anumang hindi natapos na gawain para sa Dios ay agad na mangangailangan sa iyo na magbigay ng ulat at/o maaaring gamitin laban sa iyo.**

Sa aking Mahal at Minamahal: “5 Magsilakad kayo na may karunungan sa nangasa labas, na inyong samantalahin ang panahon. 6 Ang inyong pananalita nawa'y laging may biyaya, na magkalasang asin, upang inyong maalaman kung ano ang nararapat ninyong isagot sa bawa't isa.” (Colosas 4:5-6 KJV)

Ngayon ating sasabihin ang tungkol sa kahalagahan ng paghahanap sa Dios at at pagtatanong sa kanya, ***“At sinabi ni Josaphat sa hari sa Israel, Magusisa ka ngayon, isinasamo ko sa iyo, sa salita ng Panginoon.”*** (2 Cronica 18:4 KJV) Tinanong ni David at hinanap ang payo ng Panginoon sa kanyang paglalakbay. Karaniwan siyang nagtatanong sa Panginoon upang makuha ang malinaw na direksyon bago gumawa ng anumang hakbang.

Upang maging kapaki-pakinabang sa layunin ng Dios sa iyong buhay, kailangan mong palaging maghanap at magtanong sa Panginoon.

Nagsalita ang pari na si Ahimelech tungkol kay David kay Haring Saul na ganito ang sinabi: ***“15 Pinasimulan ko bang isangguni siya ngayon sa Dios? malayo sa akin: huwag ibintang ng hari ang anomang bagay sa kaniyang lingkod, o sa buong sangbahayan man ng aking ama: sapagka't walang nalalamang bagay ang iyong lingkod tungkol sa lahat na ito, munti o malaki” (1 Samuel 22:15 KJV)*** Ito ay nangangahulugang madalas na humihingi si David ng tulong sa pari upang magtanong sa Panginoon para sa kanyang sarili. Si David ay nagtanong sa Panginoon sa maraming ibang pagkakataon at sinagot siya ng Dios. **Kaya naman nakinabang siya ng marami sa pagkuha ng pribilehiyo na maghanap at magtanong sa Panginoon. Sa parehong paraan para sa iyo, bago ka magsimula sa ilang mga plano, magtanong sa Panginoon, pumunta sa simbahan at ipahayag ang iyong plano sa mga lider ng simbahan para magabayan ka sa mga kailangan mong gawin.** Dumaan tayo sa iba't ibang pagkakataon kung kailan nagtanong si David sa Panginoon:

A. “1 At kanilang isinaysay kay David, na sinasabi, Narito, ang mga Filisteo ay nakikipaglaban sa Keila, at kanilang ninanakaw ang mga qiikan. 2 Kaya't sumangguni si David sa Panginoon, na nagsasabi, Yayaon ba ako at aking sasaktan ang mga Filisteong ito? At sinabi ng Panginoon kay David, Yumaon ka at iyong saktan ang mga Filisteo, at iligtas mo ang Keila. 3 At sinabi ng mga lalake ni David sa kaniya, Narito, tayo'y natatakot dito sa Juda: gaano pa nga kaya kung tayo ay pumaroon sa Keila laban sa mga hukbo ng mga Filisteo? 4 Nang magkagayo'y sumangguni uli si David sa Panginoon. At sumagot ang Panginoon sa kaniya at sinabi, Bumangon ka at lumusong ka sa Keila; sapagka't aking ibibigay ang mga Filisteo, sa iyong kamay. 5 At si David at ang kaniyang mga lalake ay naparoon sa Keila, at bumaka sa mga Filisteo, at dinala ang kanilang kawan, at pinatay nila sila ng malaking pagpatay. Gayon iniligtas ni David ang mga tumatahan sa Keila.” (1 Samuel 23:1-5 KJV) Dito maaari nating basahin na si David ay nabigatan sa sitwasyon ng mga Israelita sa Keila na sinalakay ng mga Filisteo, at para sa kanilang kapakanan siya ay humingi sa Dios kung ano ang dapat niyang gawin. **Kailangan nating magkaroon ng pasanin para sa isa't isa at tumulong sa mga nasa kagipitan. Ngunit bago natin gawin iyon, kailangan nating humingi sa Panginoon upang gabayan tayo sa Kanyang kalooban gaya ng ginawa ni David.** Ang mga taong kasama ni David ay nagbigay-babala sa kanya na huwag pumunta, dahil ito ay isang mapanganib na sitwasyon, ngunit kanyang kinumpirma ang kanilang pagdududa sa pamamagitan ng pagbalik at muling pagtatanong sa Dios. *** Kung hindi tayo ipadadala ng Dios at hindi niya pahintulutan ang ating mga paglalakbay, hindi tayo dapat pumunta. Kung sasabihin sa atin ng Dios na kumilos, wala tayong dapat ikatakot na pumunta kahit sa mga mapanganib na lugar. * Gayundin sa parehong paraan; kahit para sa mga madaling paglalakbay na nais nating gawin, kung hindi ito ipahintulot ng Dios sa atin, hindi tayo dapat kumilos at hindi tayo dapat magpatuloy sa ating mga paglalakbay nang walang pagsang ayon ng Dios.**

Ipagpatuloy nating basahin:

“6 At nangyari nang makatakas si Abiathar na anak ni Ahimelech kay David sa Keila, na siya'y lumusong na may isang epod sa kaniyang kamay. 7 At nasaysay kay Saul na si David ay naparoon sa Keila. At sinabi ni Saul, Ibibigay ng Dios siya sa aking kamay; sapagka't siya'y nasarhan sa kaniyang pagpasok sa isang bayan na mayroong mga pintuang-bayan at mga haling. 8 At tinawag ni Saul ang buong bayan sa pakikidigma, upang lumusong sa Keila na kubkubin si David at ang kaniyang mga tao. 9 At naalaman ni David na nagiisip si Saul ng masama laban sa kaniya; at kaniyang sinabi kay Abiathar na saserdote, Dalhin mo rito ang epod. 10 Nang magkagayo'y sinabi ni David, Oh Panginoon, na Dios ng Israel, tunay na nabalitaan ng iyong lingkod na pinaqsisikapan ni Saul na pumaroon sa Keila, upang ipahamak ang bayan dahil sa akin. 11 Ibibigay ba ako ng mga tao sa Keila sa kaniyang kamay? lulusong ba si Saul ayon sa nabalitaan ng iyong lingkod? Oh Panginoon, na Dios ng Israel, idinadalangin ko sa iyo, na saysayin mo sa iyong lingkod. At sinabi ng Panginoon, Siya'y lulusong. 12 Nang magkagayo'y sinabi ni David, Ibibigay ba ng mga tao sa Keila ako at ang aking mga tao sa kamay ni Saul? At sinabi ng Panginoon, Ibibigay ka nila. 13 Nang magkagayo'y si David at ang kaniyang mga tao na anim na raan, ay tumindig at umalis sa Keila, at naparoon kung saan sila makakaparoon. At nasaysay kay Saul na si David ay tumanan sa Keila, at siya'y tumigil ng paglabas.” (1 Samuel 23:6-13 KJV) Dito makikita natin na kahit si David ay gumawa ng mga dakilang bagay para sa bayan ng Keila at nailigtas sila mula sa kanilang mga kaaway, hindi sila tapat sa kanya. *** Nakikita mo dito na ang ating pananampalataya ay hindi dapat nakabatay sa mga tao at ang ating tiwala ay hindi dapat nakabatay sa tiwala sa mga tao kundi sa Diyos. Ang ating desisyon ay hindi dapat nakabatay sa mga taong ating pinaglilingkuran at hindi dapat umasa sa ating sariling pag-unawa. * Iyan ang dahilan kung bakit palagi tayong dapat umasa sa Dios at sa Kanyang tulong at patnubay sa atin at hindi sa mga tao. Kahit ang mga tao na ating pinaglilingkuran at ginagawan ng kabutihan, maaaring sila rin ang mga taong magtataksil sa atin at gagawa ng masama sa atin at susuporta sa ating mga kaaway, ang diyablo. Ang polisiya ni David ay malinaw, na siya ay umasa sa Dios at sa Dios lamang. Nang marinig niya na parating si Saul, nagtanong siya sa Dios kung darating ba si Saul at kung ibibigay ba ng bayan ng Keila sa kanya si Saul. Maliwanag na sinagot ng Dios ang kanyang dalawang tanong at ginabayan siya sa kung ano ang dapat niyang gawin. Sinabi sa kanya ng Dios na**

bababa si Saul at ibibigay ng bayan ng Keila sa kanya si Saul, kaya napagtanto na kailangan niyang lisanin ang Kella. **Sa parehong paraan patuloy na hanapin, at tunungin ang Dios at usisain sa kanya para sa bawat kalagayang pinagdaraan mo sa iyong buhay upang magabayan ka.**

Ngayon ang tanong dito: paanong nagusisa si David sa Dios? **“6 At nangyari nang makatakas si Abiathar na anak ni Ahimelech kay David sa Keila, na siya'y lumusong na may isang epod sa kaniyang kamay. 9 At naalaman ni David na nagiisip si Saul ng masama laban sa kaniya; at kaniyang sinabi kay Abiathar na saserdote, Dalhin mo rito ang epod.” (Samuel 23:6, 9 KJV)** Tinanong ni David ang Diyos sa pamamagitan ng nakatakdang paraan, sa pamamagitan ng pari na itinagubilin ng Dios sa Kanyang Salita batay sa ating nabasa dito kung paano iniutos ng Dios kay Moises kung paano ito dapat gawin nang italaga ng Dios si Josue upang pangunahan ang Kanyang bayan pagkatapos ni Moises: **“18 At sinabi ng PANGINOON kay Moises, Ipagsama mo si Josue na anak ni Nun, isang lalake na kinakasihang ng Espiritu, at ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; 19 At iharap mo siya kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan; at pagbilinan mo siya sa kanilang paningin. 20 At lalagyan mo siya ng iyong karangalan upang sundin siya ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel. 21 At siya'y tatayo sa harap ni Eleazar na saserdote, na siyang maguusisa tungkol sa kaniya, ng hatol ng Urim sa harap ng Panginoon: sa kaniyang salita, ay lalabas sila, at sa kaniyang salita, ay papasok sila, siya at ang lahat ng mga anak ni Israel na kasama niya, sa makatuwid baga'y ang buong kapisanan. 22 At qinawa ni Moises gaya ng iniutos ng Panginoon sa kaniya: at kaniyang ipinagsama si Josue, at kaniyang iniharap kay Eleazar na saserdote, at sa buong kapisanan: 23 At kaniyang ipinatong ang mga kamay niya sa kaniya, at pinagbilinan niya siya, gaya ng sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ni Moises.” (Bilang 27:18-23 KJV)** Ipinakumbaba ni David ang kanyang sarili at tinanong ang saserdote kung ano ang kinakailangan niyang gawin. Kinailangang tumayo ng hari sa harap ng pari upang magtanong para sa kanya mula sa bibig ng Dios. *** Sa parehong paraan, kailangan mong maging mapagpakumbaba tulad ng ginawa ni David dito at dapat na ikaw ang humiling sa mga lider ng simbahan na tulungan kang makaalis sa mga pagsubok na iyong nararanasan, upang matulungan kang gumawa ng tamang desisyon. * Sa Bagong Tipan, inilagay ng Dios ang mga pastor, guro, propeta, at ebanghelisista sa simbahan at maaari mong ipahayag sa kanila ang iyong mga problema at humingi ng payo at direksyon mula sa kanila. * Kailangan mo ring maunawaan na ang tanging paraan upang malaman ang mga lihim na gawain laban sa iyo ay sa pamamagitan ng pagtatanong sa Dios na magpapakita sa iyo at sa Kanyang simbahan kung ano ang ginawa o ginagawa ng mga masamang tao laban sa iyo o kung ano ang kanilang pinagpaplanuhan na gawin sa iyo nang lihim.**

Ano ang matutunan din natin mula sa kwentong ito ay hindi mismong ang saserdote ang pumunta kay Haring David at hindi siya nagbigay ng payo malibang si David ang pumunta sa kanya. *** Kaya ang maaari nating matutunan mula rito ay walang saysay na pumunta at payuhan ang mga tao at pilitin silang gawin ang tamang bagay kung sila mismo ay hindi pupunta at tanungin tayo dahil walang silbi na sabihin sa mga tao ang tamang payo kung sila ay hindi handang magpakumbaba at magtanong dahil sa simpleng dahilan na hindi sila susunod. * Samakatuwid, magpakumbaba at kuhanin ang pagkukusa na tanungin ang mga lider ng simbahan upang gabayan ka paalis sa mga pagsubok na kinakaharap mo, at upang tulungan kang gumawa ng tamang desisyon.**

B. “1 At nangyari, nang si David at ang kaniyang mga lalake ay dumating sa Siclag, sa ikatlong araw, na ang mga Amalecita ay sumalakay sa Timugan, at sa Siclag, at sinaktan ang Siclag, at sinunog ng apoy; 2 At dinalang bihag ang mga babae at lahat na nandoon, ang maliliit at gayon din ang malalaki; hindi nila pinatay ang sinoman, kundi kanilang pinagdadala, at nagpatuloy ng kanilang lakad. 3 At nang si David at ang kaniyang mga lalake ay dumating sa bayan, narito, sinunog ng apoy; at ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak na lalake at babae ay pinagdadalang bihag. 4 Nang magkagayo'y si David at ang bayan na nasa kaniya ay naqlakas ng tinig, at umiyak, hanqqang sa sila'y nawalan ng lakas na umiyak. 5 At ang dalawang asawa ni David ay nabihag, si Ahinoam na taga Jezreel, at si Abigail, na asawa ni Nabal, na taga Carmelo. 6 At nagdalamhating totoo si David, sapagka't pinagsasalitaan ng bayan na batuhin siya, sapagka't ang kaluluwa ng buong bayan ay pumanglaw, bawa't tao dahil sa kanikaniyang mga anak na lalake at babae; nguni't si David ay nagpakatibay sa Panginoon niyang Dios. 7 At sinabi ni David kay Abiathar na saserdote, na anak ni Ahimelech, Isinasamo ko sa iyo na dalhin mo rito ang epod. At dinala doon ni Abiathar ang epod kay David. 8 At sumangguni si David sa Panginoon, na nagsasabi, Kung aking habulin ang pulutong na ito, ay akin kayang aabutan sila? At sinagot niya siya, Iyong habulin: sapagka't tunay na iyong aabutan, at walang pagsalang mababawi mo ang lahat.” (1 Samuel 30:1-8 KJV)

Tunay na nakinig at sumunod dito si David sa Dios, kaya't ibinalik niya ang lahat ng kinuha ng kaaway mula sa kanya. **“9 Sa gayo'y yumaon si David, siya at ang anim na raang lalake na kasama niya, at naparoon sa batis ng Besor, na kinaroroonan niyaong mga naiwan sa likuran. 10 Nguni't hinabol ni David, niya at ng apat na raang lalake: sapagka't ang dalawang daan natira sa likuran, na mga pata na hindi na nakatawid sa batis ng Besor: 11 At sila'y nakasumpong ng isang taga Egipto sa parang, at dinala nila siya kay David, at binigyan nila siya ng tinapay, at kumain: at binigyan nila siya ng tubig na mainom: 12 At binigyan nila siya ng isang putol ng binilong igos, at dalawang buwig na ubas; at nang kaniyang makain, ang kaniyang diwa ay nagsauli uli sa kaniya: sapagka't hindi siya nakakain ng tinapay o nakainom man ng tubig, na tatlong araw**

at tatlong gabi. 13 At sinabi ni David sa kaniya, Kanino ka ba nauukol? at taga saan ka? At sinabi niya, Ako'y isang binatang taga Egipto, bataan ng isang Amalecita; at iniwan ako ng aking panginoon, sapagka't tatlong araw na ako'y nagkasakit. 14 Kami ay sumalakay sa Timugan ng mga Ceretheo, at sa nauukol sa Juda, at sa Timugan ng Caleb; at aming sinunog ng apoy ang Siclag. 15 At sinabi ni David sa kaniya, Ilulusong mo ba ako sa pulutong na ito? At kaniyang sinabi, Ipanumpa mo sa akin ang Dios, hindi mo ako papatayin, o ibibigay man sa mga kamay ng aking panginoon, at aking ilulusong ka sa pulutong na ito. 16 At nang kaniyang mailusong, narito, sila'y nangangalat sa buong lupa, na nagkakainan at nagiinuman, at nagkakasayahan, dahil sa lahat na malaking samsam na kanilang nakuha sa lupain ng mga Filisteo, at sa lupain ng Juda. 17 At sinaktan ni David sila mula sa pagtatakip silim hanggang sa paglubog ng araw sa sumunod na araw: at walang taong nakatanan sa kanila liban sa apat na raang bataan na nakasakay sa mga kamelyo at tumakas. 18 At binawi ni David ang lahat na nakuha ng mga Amalecita: at iniligtas ni David ang kaniyang dalawang asawa. 19 At walang nagkulang sa kanila, kahit maliit o malaki man, kahit mga anak na lalake o babae man, kahit samsam man, kahit anomang bagay na nakuha nila sa kanila: ibinalik na lahat ni David. 20 At kinuha ni David ang lahat ng kawan at bakahan, na kanilang dinala na nasa unahan niyaong mga ibang hayop, at sinabi, Ito'y samsam ni David.” (1 Samuel 30: 9-20 KJV) Sa parehong paraan, kapag nagpapakumbaba ka at bumabalik sa Dios at nagtataguyod sa kanya sa itinakdang paraan, sasagutin ka ng Dios at gagabayan ka na makalabas sa iyong mga suliranin at mabawi ang lahat ng kinuha ng diyablo mula sa iyo.

C. “1 At nangyari, pagkatapos nito, na nagusisa si David sa Panginoon, na nagsasabi, Aahon ba ako sa alinman sa mga bayan ng Juda? At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Umahon ka. At sinabi ni David, Saan ako aahon? At kaniyang sinabi, Sa Hebron.” (2 Samuel 2:1 KJV) Si David ay nagtanong sa Panginoon kung saan siya dapat pumunta at kung saan siya dapat manirahan. Marami ang nagbabalak na pumunta at maglakbay sa iba't ibang lugar ngunit sila'y nabibigong tanungin ang Dios at sa huli ay napatunayan na ginagawa lamang nila ang kanilang sariling kalooban. Patuloy na magtanong sa Diyos tungkol sa mga ganitong bagay upang gabayan ka ng Dios at bigyan ka ng tiyak na sagot kung saan ka dapat lumipat at sa aling lugar ka tinawag upang manirahan.

Sa aking mahal at minamahal: “2 Sa gayo'y umahon si David doon, at pati ng kaniyang dalawang asawa, si Ahinoam na taga Jezreel, at si Abigail na asawa ni Nabal, na taga Carmelo. 3 At ang kaniyang mga lalake na kasama niya ay iniahon ni David baw't lalake na kasama ang kanikaniyang sangbahayan: at sila'y nagsitahan sa mga bayan ng Hebron. 4 At nagsiparoon ang mga lalake ng Juda, at kanilang pinahiran ng langis doon si David upang maging hari sa sangbahayan ng Juda. At kanilang isinaysay kay David, na sinasabi, Ang mga lalake sa Jabes-galaad ay siyang naglibing kay Saul.” (2 Samuel 2:2-4 KJV) Makikita mo dito na nang tinanong ni David ang Dios at nakinig at ginawa ang inutos ng Dios sa kanya, siya'y binasbasan; ang kanyang mga tao ay lumapit at nagtipon sa kanya, at ang mga tao ng Judah ay pumunta sa lugar na itinuro ng Dios na umakyat siya at pinahiran siya bilang kanilang hari. Sa parehong paraan, kapag patuloy kang nagtatanong sa Diyos at ginagawa ang sinasabi niya sa iyo, ang mga bagay para sa iyo ay magiging tama ang pagkakaayos, at makikita mo na ang iyong pagsunod sa tinig ng Diyos ay nakapagtamo ng maraming bagay para sa iyo. Manalangin tayo...

Ang aking Panalangin: Amang Dios. Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan nin Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa iyong mga Salita na nagtuwid sa aking buhay at nagpaalala sa akin ng lahat ng iyong mga daan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagturo sa akin ng kahalagahan na kumilos ng matalino sa harap ng mga di mananampalataya at ang kahalagahan ng paghahanap sa iyo at pagtatanong mula sa iyo sa lahat ng sitwasyong pinagdaraan ko sa aking buhay. Panginoon, salamat para sa lahat ng mga pagtutuwid na tinanggap ko sa mensaheng ito.

Ipagtapat at talikdana ngayon ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikdana ng iyong pagmamalaki, pagmamataas, walang ingat na pagsasalita at pagpapakitang gilas. Ipagtapat at alikdan ang iyong mabilis na pagsasalita nang walang pangunawa. Ipagtapat at talikdan ang iyong kawalan ng pagpipigil sa iyong bibig. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagpapabaya, pagsuway at katigasan ng ulo. Talikuran ang iyong kawalang-kayaniwang magpakumbaba sa harap ng Dios at talikuran ang paggawa ng iyong sariling kalooban at plano at hindi ang kalooban o plano ng Dios. Ipagtapat at talikuran ang iyong kawalang-kahandaang magpakumbaba at buksan ang iyong buhay sa mga pinuno ng simbahan at magtanong sa Dios sa pamamagitan nila. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at ang iyong kakulangan sa panalangin. Ipagtapat at talikuran ang iyong maraming kaibigan, ang pakikisama sa mga di-mananampalataya at ang pagsasayang ng iyong oras sa Media, Balita at mga laro. Panginoon, patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan _____. Panginoon, linisin mo ako mula sa pagmamataas at pagyayabang.

Panginoon Nagpapakumbaba ako sa iyong harapan at buong puso akong nagnanais na makinig, baguhin ang isip, at sumunod sa mga bagay na nais mong ipagawa sa akin. Panginoon, pakiusap, bigyan mo ako ng

karunungan at kaalaman saan man ako ipadala, at turuan mo akong kung paano kumilos sa harap ng mga taong di naniniwala. Panginoon, nawa'y ang iyong karunungan ay sumasaakin at bigyan mo ako ng kakayahang gumawa ng matatalinong desisyon, at gawin ang mga bagay na nais mong makamit ko; upang ang iyong kalooban at layunin sa aking buhay at sa mga buhay ng salinlahing aking pinaglilingkuran ay magtagumpay. Panginoon, nangako akong laging magtanong sa iyo sa lahat ng pagkakataon at sa lahat ng bagay na dumarating sa aking buhay. Nangako akong hanapin ang iyong payo para sa lahat ng bagay na aking gagawin sa paglilingkod sa iyo at sa mga misyonaryong gawain. Panginoon, itaas mo ako sa iyong biyaya, bigyan mo ako ng karunungan at sagutin mo ako kapag ako'y tumatawag. Ito ang aking panalangin sa ngalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, tulungan Mo akong kumilos ng may karunungan sa mga hindi naniniwala sa sumusunod na kalagayan na aking dinaranas _____. Panginoon, humihingi ako sa Iyo na patnubayan Mo ako kung ano ang dapat kong gawin sa sumusunod na krisis at paglusob ng kaaway na aking dinaranas _____.

Panginoon nagpapasalamat ako para sa lahat ng aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagpakumbaba sa Iyo at nagpakita ng kanilang kagustuhang sundin ang Iyong mga tagubilin. Panginoon, bigyan Mo sila ng karunungan at pang-unawa kung paano kumilos patungo sa mga di naniniwala. Panginoon, patnubayan Mo sila at sagutin ang kanilang mga panalangin at dalhin kami upang gabayan sila na gumawa ng tamang desisyon at wastong hakbang para sa kanilang buhay. Panginoon, ibigay Mo ang kanilang mga pangangailangan, protektahan sila, at tulungan silang makalabas mula sa krisis na kanilang dinaranas.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang isang simbahan at tulungan mo kaming patuloy na ituro at ipangaral ang Iyong Salita at ang mga utos na inilagay Mo sa amin upang gawin. Panginoon, bigyan Mo kami ng kaalaman at patnubayan Mo kami palagi upang makagawa ng tamang desisyon na naaayon sa Iyong kalooban. Kami ay lumalaban sa lahat ng gawa ng diyablo at sinasaway namin ito sa pangalan ni Jesus. Panginoon, protektahan Mo kami at ibigay ng lahat ng aming pangangailangan upang patuloy na makapaglilingkod sa Iyo. Panginoon, puspusin Mo kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan Mo kami ng mga espirtual na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at maglilingkod sa Iyo, upang magebangal, gumawa ng mga bagong alagad, sanayin ang mga bagong manggagawa, at magtayo ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at mga kongregasyon para sa simbahan. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com